

# California Workplace - Alamin ang mga Karapatan Mo

**Bilang manggagawa sa California, kuwalipikado kang malaman at gamitin ang iyong mga karapatan sa dako ng trabaho at konstitusyon. Ang mga batas para sa manggagawa, kabilang ngunit hindi limitado sa mga pamantayan sa sahod, oras, at sa kalusugan at kaligtasan, ay naaaplay sa lahat ng manggagawa sa estado, *anuman ang status sa imigrasyon.***

## Ito ay labag sa batas na maghiganti ang iyong employer laban sa iyo dahil sa paggamit ng iyong mga karapatan, kabilang ang:



- Pagsasampa ng reklamo sa Labor Commissioner, Cal/OSHA, sa Civil Rights Department, o sa ibang ahensiya ng gobyerno.
- Pagtatanong kung sumusunod ang iyong employer sa batas ng pederal, estado, o lokal.
- Pakikipag-usap sa iba tungkol sa kanilang mga karapatan o pagtulong sa kanila na gamitin ang kanilang karapatan sa ilalim ng batas ng pederal, estado, o lokal.

Kabilang sa mga halimbawa ng ilegal na paghihiganti ang pagtanggal sa iyo sa trabaho, pagbabawas sa oras mo sa trabaho, o pagbabantang ireport ka o ang isang kamag-anak mo sa mga awtoridad ng imigrasyon dahil ginamit mo ang iyong mga karapatan.

## Mga Proteksiyon sa Dako ng Trabaho na may Kaugnayan sa Status sa Imigrasyon

### Ang karapatan mo sa Notice of Immigration Inspections *(Labor Code § 90.2)*


Kung ang iyong employer ay makatatanggap ng abiso tungkol sa isang paparating inspeksiyon ng ahensiya ng imigrasyon para sa I-9 Employment Eligibility Verification forms o sa ibang mga rekord sa trabaho, ang iyong employer ay dapat mag-post ng abiso para ipaalam ito sa mga manggagawa at sa kinatawan ng kanilang unyon, kung naaangkop, sa loob ng 72 oras matapos matanggap ang abisong iyon

### Mga proteksiyon mo laban sa hindi patas na mga gawaing may kaugnayan sa imigrasyon *(Labor Code §§ 1019-1019.2)*



Sa ilalim ng batas ng California, labag sa batas na maghiganti ang mga employer laban sa iyo o magbanta ng aksiyon na may kaugnayan sa imigrasyon kapag ginagamit mo ang iyong mga karapatan. Ang isang employer ay pinagbabawalang gumawa ng alinman sa sumusunod na mga aksiyon dahil ginamit mo ang iyong mga karapatan:

- Pagtangging tanggapin ang mga dokumento para sa identipikasyon sa proseso ng I-9 (patunay ng ID at pederal na pahintulot upang magtrabaho) na lumalabas naman na tunay.
- Paggamit sa E-Verify sa paraang hindi kinakailangan o hindi awtorisado ng batas.
  - Halimbawa, paggamit ng E-Verify para muling i-verify ang pagiging kuwalipikado sa trabaho ng isang empleyado kahit hindi kinakailangan sa batas para gawin o pag-screen lamang sa espesipikong mga manggagawa sa halip na ang lahat ng manggagawa sa dako ng trabaho nang walang lehitimong batayan.



- Pagrereport o pagbabantang ireport ka o ang kapamilya mo sa mga awtoridad ng imigrasyon.
- Pagsasampa o pagbabantang magsampa ng anumang di-totoong report sa pulisya o sa isang ahensiya ng estado o pederal.



### Iyong karapatan na magtalaga ng emergency contact *(Labor Code § 1555)*

**Dapat** payagan ka ng iyong employer na bigyan sila ng impormasyon para sa emergency contact at para isaad na nais mong maipaalam sa emergency contact kung ikaw ay naaresto o nakulong sa trabaho. Kung ikaw ay naaresto o nakulong sa trabaho at alam ito ng employer mo, **dapat** nila itong ipaalam sa iyong nakatalagang emergency contact kung pipiliin mo ang opsyong ito.

## Iyong karapatan na mag-organisa o makibahagi sa protektadong aktibidad sa dako ng trabaho

Karamihan sa mga empleyado sa California ay may karapatang mag-organisa, sumali, o lumahok sa mga aktibidad ng unyon. May karapatan din ang mga empleyado na sama-samang kumilos kasama ang mga katrabaho para tugunan ang mga isyu at ikinababahala na may kaugnayan sa trabaho upang mapabuti ang mga kundisyon sa trabaho o para sa layunin ng kasunduang pangkalahatan o collective bargaining. **Nangangahulugan ito na may karapatan kang sumali kasama ng mga katrabaho para humiling ng mas mabuting kundisyon sa trabaho o magpaabot ng mga ikinababahalang may kaugnayan sa trabaho, kabilang ang tungkol sa mga sahod, oras, kalusugan at kaligtasan, at iba pang mga tuntunin sa trabaho.** May karapatan ka ring hindi lumahok sa mga aktibidad ng unyon o sa mga protektadong aktibidad. Ilegal para sa iyong employer na:

- Makialam o humadlang sa iyong aktibidad sa unyon o sa mga protektadong aktibidad.
- Pagbantaan ka, o paghigantihan o idiskrimina ka, dahil sa iyong suporta sa unyo o sa mga protektadong aktibidad.

## Iyong mga karapatan kapag nakikipag-ugnayan ka sa law enforcement, kabilang ang mga ahente ng imigrasyon, sa dako ng trabaho

Ang mga manggagawa ng California ay mayroong tiyak na mga karapatan at proteksiyon sa ilalim ng U.S. Constitution, ***anuman ang kanilang status sa imigrasyon***, kabilang kapag nilapitan ka ng mga law enforcement (kabilang ang isang pederal na ahente ng imigrasyon). Bukod pa rito, sa ilalim ng batas ng California, ang law enforcement ng estado at lokal ay hindi maaaring tumulong sa mga pederal na ahensiya tulad ng ICE sa pagpapatupad ng batas sa imigrasyon sa karamihan ng pagkakataon.

### Iyong karapatan para maging malaya mula sa mga hindi makatuwirang pag-search o pagkapkap *(U.S. Constitution, 4th Amendment)*

- Kung ang law enforcement, kabilang ang mga ahente ng imigrasyon, ay humiling kung maaari ka nilang kapkapan o halughugin ang iyong mga gamit, may karapatan kang tumanggi maliban kung mayroon silang judicial warrant na nag-aawtorisa mismo sa pagkapkap sa iyo o sa iyong mga personal na gamit.
- Kung gagawin ng officer ang pag-search, kahit na tumanggi ka – manatiling kalmado, huwag manlaban sa pisikal na paraan, at huwag tumakbo.

Ang mga law enforcement ay maaaring pumasok sa *mga pampublikong* lugar nang walang warrant. Maaaring kabilang sa mga pampublikong lugar ang lobby, silid na hintayan, pampublikong lugar para kumain, o paaradahan sa dako ng trabaho. Sa karamihan ng mga sitwasyon, kailangan ng mga law enforcement ng isang judicial warrant, na nilagdaan ng hukom, para pumasok sa mga *hindi pampublikong lugar* sa dako ng trabaho mo nang walang pahintulot. Maaaring kabilang sa mga hindi pampublikong lugar ang silid na pahingahan, palikuran ng empleyado, pinagtatrabahuang puwesto, o anumang lugar na minarkahan na para sa mga empleyado lamang. Ang mga administrative form, tulad ng I-200 o I-205, ay hindi mga judicial warrant.

Sa California, pinagbabawalan ang iyong employer na magbigay ng kusang-loob na pahintulot sa isang ahente ng imigrasyon na tagapagpatupad batas para pumasok sa mga *hindi pampublikong* lugar sa dako ng trabaho. Kapag walang judicial warrant, dapat hindi papasukin ng iyong employer ang mga tagapagtupad ng batas ng imigrasyon sa mga *hindi pampublikong* lugar sa dako ng trabaho.

Matatagpuan ang mas detalyadong impormasyon sa pinagsamang Immigrant Worker Protection Act FAQ ng DOJ at LCO (https://oag.ca.gov/system/files/media/ab450-faqs.pdf).

### Iyong karapatan na maging malaya mula sa mga hindi makatuwirang pagdakip *(U.S. Constitution, 4th Amendment)*

- Protektado ka laban sa mga hindi makatuwirang pagdakip, na kabilang ang pagkukulong o pag-aaresto sa iyo.
- Ang mga law enforcement ay dapat may makatuwirang hinala ukol sa maling ginagawa bago ka nila patigilin at kuwestiyunin o kapkapan. Maaari kang magtanong ng ""Ikinukulong ba ako?" o "Malaya na ba akong umalis?"  Kung sasabihin ng officer na hindi ka ikukulong o malaya ka nang umalis, makakaalis ka na sa tahimik na paraan.



- Ang pag-aresto ay nangangailangan ng malamang na sanhi o probable cause at mangyayari kapag ang isang tao ay dinakip ng mga law enforcement officer.
- Ang mga law enforcement agent ay hindi nangangailangan ng warrant na nilagdaan ng hukom para arestuhin ang isang tao sa publiko.
- May karapatan kang makipag-usap sa isang abugado kung ikaw ay inaresto.  Maaaring presyurin ka para lumagda ng mga dokumento. Hindi mo kailangang lumagda ng kahit ano kapag wala ka pang nakakausap na abugado.





### Iyong karapatan na manahimik *(U.S. Constitution, 5th Amendment)*

- Ang anumang sasabihin mo sa mga law enforcement officer ay maaaring gamitin laban sa iyo sa hukuman.
- May karapatan kang manahimik, kahit na kung tinanong ka tungkol sa iyong status sa imigrasyon.
- Kung nais mong manahimik, sabihin ito nang malinaw, humiling na makipag-usap sa isang abugado **at manahimik pagkatapos.**
- Huwag magbigay ng maling impormasyon, maling pagkakakilanlan, o maling mga dokumento sa isang officer. Ang pagbibigay ng mga maling dokumento ay isang kasalanang pederal at maaaring magdulot ng malubhang kahihinatnan sa imigrasyon para sa mga hindi mamamayan.

### Iyong karapatan na irekord ang mga inter-aksiyon sa law enforcement sa mga pampublikong dako sa ilalim ng 1st Amendment

Ang publiko ay may karapatang magmasid at irekord ang mga officer at opisyal ng gobyerno habang ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin sa publiko. Kung magpapasya kang magrekord, dapat tumayo ka sa ligtas na distansya at huwag makialam sa mga ginagawa ng officer. Ang pisikal na pagharang o berbal na pagpapainit sa sitwasyon ay maaaring magsapanganib sa iyong kaligtasan at maaaring humantong sa mga kriminal na kaso.

### Access sa legal na tulong

Kung ikaw ay inaresto, may karapatan kng kumuha ng abugado. Kung hindi mo kayang magbayad ng abugado, maaari kang kumuha ng abugado na itinalaga ng gobyerno para kumatawan sa iyo sa isang kriminal na kaso.

Gayunpaman, kung inaresto ka ng U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE) o ng U.S. Customs and Border Protection (CBP), na kabilang ang Border Patrol, para sa mga sibil na paglabag sa imigrasyon, may karapatan kang kumonsulta sa isang abugado, ngunit ang gobyerno ay hindi kailangang magbigay ng abugado para sa iyo. Kung inaresto ka ng ICE o CBP, maaari mong gamitin ang iyong karapatan na makipag-usap sa isang abugado bago ka magsalita o lumagda ng kahit ano. Maaari ka ring humiling na makipag-usap sa inyong konsulada na maaaring magbigay ng tulong.



## Kompensasyon ng mga Manggagaw

May karapatan kang tumanggap ng mga benepisyo para sa kompensasyon ng mga manggagawa kung ikaw ay na-injure o nagkasakit dahil sa iyong trabaho. Ang mga benepisyo ay magbibigay sa iyo ng medikal na pangangalaga para sa iyong injury/sakit, bahagyang papalitan ang mga nawala mong sahod habang nagpapagaling ka, at tutulong sa iyong makabalik sa trabaho.  Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa  www.dir.ca.gov/dwc/ o tumawag sa 1-800-736-7401.



# Sino ang maaari kong kontakin kung naniniwala akong nilabag ang aking mga karapatan?

**Kung naniniwala kang nilabag ang mga karapatan mo, nasa ibaba ang listahan ng mga ahensiya ng gobyerno na maaari mong hingan ng tulong.**

## California Department of Industrial Relations (DIR):

**California Labor Commissioner's Office:**

*Impormasyon:*
(833) LCO-INFO (833-526-4636)

*Immigration helpline:*
(855) 526-7775

www.dir.ca.gov/dlse/

**California Division of Workers Compensation (DWC)**

(800) 736-7401

dir.ca.gov/dwc/

**California Division of Occupational Safety and Health (Cal/OSHA)**

(833) 579-0927

https://www.dir.ca.gov/dosh/

## Iba Pang Ahensya ng California:

**California Attorney General (AG)**

(800) 952-5225

www.oag.ca.gov

*Mga empleyado sa agrikultura ng California:*
**Agricultural Labor Relations Board (ALRB)**

(800) 449-3699

www.alrb.ca.gov

**California Civil Rights Department (CRD)**

(800) 884-1684

calcivilrights.ca.gov/

*Mga empleyado sa pampublikong sektor ng California at mga driver ng transport network na kumpanya:*
**Public Employment Relations Board (PERB)**

(916) 322-3198

perb.ca.gov

## Mga Pederal na Ahensya:

*Mga Pederal na Ahensiya:*
**Mga empleyado sa pribadong sektor (NLRB):**

(844) 762-6572

www.nlrb.gov

*Mga empleyado ng pederal:*
**U.S. Federal Labor Relations Authority (FLRA):**

(771) 444-5801

https://www.flra.gov/

*Mga empleyado ng railway at airline:*
**National Mediation Board (NMB):**

(202) 692-5000

https://nmb.gov/NMB_Application/

## Mga organisasyong hindi panggobyerno:

Maaari mo ring kontakin ang isang nonprofit na legal o community-based na organisasyon para sa tulong. Para sa isang listahan ng mga organisasyon na nakikipagtulungan sa mga ahensya ng estado upang matulungan ang mga manggagawa na maunawaan ang kanilang mga karapatan, i-scan ang QR code sa kanan, o bisitahin ang: www.dir.ca.gov/dlse/Nonprofit-Legal-and-Community-Based-Organizations-Serving-Workers.html.